



SA DULO NG GULONG. Masayang natapos ng scout na ito ang isa sa mga base ng Adventure Trail na isa sa mga pagsubok na inihain sa mga kabataan sa naganap na Provincial Centennial BSP Jamborette. **GOV**

Boys Scouts di natinag ni Bagyong Mario

Bilang ng delegado sa 13th Prov'l Centennial Jamborette umabot sa 938

Sa kabila ng perwisyong hatid ni Bagyong Mario (may internasyunal na pangalang Fung-Wong), di inaasahang umabot pa rin sa 938 ang kabuuang bilang ng mga boys scouts, senior scouts at adult leaders na nagparehistro bilang opisyal na kalahok sa isinagawang 13th Provincial Centennial Jamborette na ginanap na Catanduanes Athletic Com-

plex noong Setyembre 17-21.

Sa bilang ng mga boys at senior scouts, ang Sub-Camp Florida Alberto (Virac) ang nakaambag ng pinakamaraming kalahok na halos 1/3 ng pangkalahatang bilang. Sa bilang na 273, 160 rito ang boys scout, 81 ang senior scouts at 32 naman ang adult leaders.

Sinundan naman ito ng sub-camp Jo-

seph Al Randie Wong (Pandan)-97; sub-camp Peter Cua (San Andres)-93; sub-camp Juan Rodulfo (Bato)-77; sub-camp Salvacion Isuela (Caramoran)- 74; sub-camp Remegio Villaluna (Bagamanoc)-74; sub-camp Gordon Olfindo-66; sub-camp Edna Bernal (San Miguel)-65; sub-camp Rodel Abichuela (Baras)-56; sub-camp Edgar Tayam (Gigmoto)-32; at sub-camp Robert Fernandez (Panganiban)-31.

Samantala, umabot naman sa 197 ang bilang ng mga Kab Scouts na nagpatala. Pinakamarami rito ay nagmula sa Virac Pilot Elementary School na may kabuuang bilang na 50. Sinundan naman ito ng Panganiban CES-23; Cabugao IS-22; Gogon ES-21; Viga West-17; Antipolo ES-10; Viga East-10; Taytay ES-8; at Palnab ES-8. Umabot naman sa 42 ang bilang ng mga adult leaders.

Ayon kay Sctr. Amelia B. Cabrera, isa sa mga miyembro ng Secretariat, hindi umano inabot ang inaasahang 1,436 kabuuang bilang ng mga kalahok. Ang suliraning pinansiyal aniya ang nakikitang dahilan nito.

Ayon sa memorandum Pansangay Blg. 48, s. 2014, hinihikayat ang bawat paaralang sekundarya na magpadala ng dalawang patrol na binubuo ng walong kasapi at tatlong patrol naman ang mangingaling sa bawat Purok. **RICKY TID**



MUNTING PANGAKO. Sa kabila ng pagkadismaya dahil sa maputik na palaruan dulot ng masamang panahon, matiyaga pa ring nanatili sa hanay ang mga Kab Scouts na ito upang bigkasin ang "Pangako ng Scouts" sa pagbubukas ng Kab Holiday, Setyembre 20 sa Camp Juan M. Alberto, Catanduanes Sports Complex. **GOV**



PASULONG. Sa kanilang paghahabang, pinangunahan ng mga lider ng probinsya ang pagbubukas ng 13th BSP Provincial Centennial Jamborette sa Catanduanes Sports Complex noong Setyembre 16. (Mula kaliwa: Sctr. Jose L. Doncillo, SDS; Gov. Araceli Wong; Virac Mayor Florida Alberto; at G. Rudy Rojas, kinatawan ni Cong. Cesar Sarmiento). **GOV**

Doncillo, pinayuhan ang mga Scouts; pagtutulungan, binigyang-diin

“Let this jamborette be an avenue of bringing out the best of Catanduanons.”

Ito ang maring sinabi ni Sctr. Jose L. Doncillo, pansangay na tagapamanihala, sa kanyang talumpati sa pagpapatuloy ng naantalang pagbubukas ng 13th Provincial Centennial Boy Scouts Jamborette na ginanap sa Catanduanes Sports Complex noong Setyembre 19.

Pinayuhan niya ang mga boys at senior scouts na gumawa ng mga bagay na makabuti para sa karamihan. Binigyang diin din niya ang pagtutulungan ng bawat isa upang makamit ang kapayapaan at kasagaan na siyang tema ng nasabing okasyon.

“Time waits for no one. Think of the common good higher than yourselves,” dagdag pa niya.

Ang nasabing pagdiriwang ay pormal na binuksan ni G. Rudy T. Rojas, ang kinatawan ni Congressman Cesar V. Sarmiento. Sinundan ito ng Grand Mabuhay Yell na pinangunahan ni Sctr. Nelson Sicio, Deputy Camp Director for Program.

Ilan sa mga naging panauhin sa nasabing pagdiriwang ay sina Governor Araceli B. Wong, G. Rudy T. Rojas, PSSupt. Adelio Benjamin Garcia Castillo, Kgg. Florida Alberto, mayor ng Virac, at Kgg. Joseph Al Randie Wong.

Ipinagpalibang Pananabik

Dahil sa sama ng panahon dulot ng bagyong Mario, ipinagpaliban ang parada ng lahat ng kalahok at pambungad na palatuntunan sa Plaza Rizal noong Setyembre 18.

Ang nasabing pambungad na palatuntunan ay nakatakda sanang ganapin sa ganap na ala-una ng hapon ngunit hindi ito natuloy dahil malakas na buhos ng ulan. Makalipas ang dalawang oras na paghihintay, inanunsyo ni Sctr. Domingo Robles ang pagpapaliban ng mga gawain sa unang araw.

Ayon sa kanya, napagdesisyon umano ng Pamahalaang Panlalawigan na isupinde ang lahat ng aktibidad dahil sa sama ng panahon.

Nagpahayag naman ng pagkadismaya ang karamihan dahil sa nasabing pangyayari.

Ayon kay Sctr. Sheryl Lita, adult leader mula sa sub-Camp Olfindo, naudlot umano ang kanilang pananabik sa nasabing okasyon lalo na ito umano ang unang pagkakataon na makasama sila sa Jamborette.

“Tana dinagos na sana ta uya mana sana kita,” pahayag ni Lita.

Samantala, naging dismayado din ang mga kasapi ng Drum & Lyre Corps na mangunguna sana sa parada. Ganunpaman, pinasalamatan ni Sctr. Nelson Sicio ang mga DLC members na naghanda para sa parade. Hinin-

gan na lang niya ng isang pagtatanghal ang bawat grupo upang hindi masayang ang kanilang pinaghandaan.

Perwisyo ni Mario

Dahil sa tuloy-tuloy at malakas na pagpatak ng ulan, hindi maiwasang bumaha ang mga kalsada at estero sa mga lansangan ng Virac. Maging ang lugar na pagdarausan ng Jamborette ay hindi pinatawad ng baha. Bumigay din ang ilang tent na itinayo ng mga iskawts.

Upang masiguro ang kaligtasan ng mga iskawts, ipinasya ng mga adult leaders na ilipat sila sa mas ligtas na lugar.

Ilan sa mga lumikas ng masisilungan ay ang sub-Camp Joseph Al Randie Wong na lumipat sa Capitol Dome; ang sub-Camp Salvacion Isuela na lumipat sa ibaba ng grandstand A at ang sub-camp Gordon Olfindo naman ay sa Virac Pilot ES.

Ang iba naman ay mas piniling sa sariling boarding house ilipat ang mga bata kagaya ng grupo ni Leo Traquena na galing sa Viga East. Ayon sa kanya, kahit na nagsiksikan sila sa maliit na espasyo ng boarding house, naging masaya naman sila.

Kinaumagahan, tumila rin ang ulan ngunit naging maputik ang lugar na pagdarausan. Gayunpaman, ipinagpatuloy pa rin ang naudlot na pagbubukas na palatuntunan at naging tuloy-tuloy ang pagsasagawa ng mga gawain. **RICKY TID**

Gawain sa 5 araw na jamborette tinalakay sa Staff Meeting



SI DEPUTY CAMP DIRECTOR Domingo T. Robles habang pinapaliwanag sa Jambo Balita ang mga magaganap sa Jamborette. **GOV**

Dalawampu't anim (26) ang dumalo sa staff meeting ng mga contingent heads, at ng mga activity at program officers noong Setyembre 17, 2014 ganap na ika-pito ng gabi sa Catanduanes Boy Scout Council Office.

Tinalakay ni Scouter Domingo T. Robles, ang Deputy Camp Director, ang mga gawain sa limang araw na 13th Provincial Centennial Jamborette mula ika-17 hanggang ika-21 ng Setyembre na pinangalanganang Camp Jose M. Alberto at may temang: “Scouting for Peace and Prosperity” na natapat sa pagdiriwang ng ika-100 taon ng Iskawting sa Pilipinas.

Gaganapin ang parada at pambukas na palatuntunan sa ikalawang araw sa Plaza Rizal ng Virac na ang mga Boy Scouts, Se-

nior Scouts at Adult Leaders ay magsusuot ng Type A uniform. Ang sub-camp campfire, welcome night at reunion ng mga nag-BTC (Basic Training Course) at nag-Woodbadge ay gagawin naman sa gabi.

Ang pangatlong araw ay ang araw kung saan gaganapin ang iba't ibang gawain sa Iskawting. Ang mga Iskawts ay hahatiin ayon sa kulay na BIGROY (blue, indigo, green, red, orange, yellow). May dalawang kategorya na susundin: ang Module A para sa elementarya at Module B para sa hayskul. Sa bawat module may apat na bases at ang mga iskawt ay dapat makatapos ng walong bases sa kalahating araw. Ang bawat module ay may taning na dalawang oras at kailangan

Traditions of towns featured in Culture Fest



FOLLOW THE LEADER. Scouts and scouters from Baras town headed by Mrs. Erlinda Borbe, Baras South PSDS and Mrs. Bella Pitajen show how striking they are as they perform their local street-dance during the cultural night.

Yells and cheers filled the air when scouts from different sub-camps showed what they've got to impress the judges with their wits, humor and talents as BSP Provincial Centennial Jamborette highlighted the Festival of Culture held at Catanduanes Sports Complex, Sept. 19.

With their religious-themed presentation, Bagamanoc-based delegation was hailed as victors. Baras, the surfing capital of the province, which featured their Badas Festival, was spotted in the second place. Viga and Bato shared in the third place while Gigmoto got fourth place.

The said event featured the presentations that depict the culture and traditions of each municipality. Each town prepared presentations such as song, dance, tigsik (Bicol poem), skit and speech choir.

Sctr. Jose L. Doncillo, the division superintendent also graced the occasion. In his message, he advised the scouts to offer their talents to their country and be an asset for its progress. **RICKY TID**

1st KAB-Holiday held; Viga CES' Molina is 'most outstanding KAB'

The first ever KAB (Kabataang Alay sa Bayan) Holiday Special Event in Catanduanes was held on September 20, 2014 which coincides with the Provincial Jamborette.

A total of 197 KAB Scouts and 42 Adult Leaders participated in the event according to Scouter Amelia B. Cabrera, one of the Council's secretariat. The 11 elementary schools which

participated are Virac Pilot Elementary School 50, Panganiban Elementary School 2, Cabugao Integrated School 22, Virac Central Elementary School 19, Viga West 17, Cavinitan Elementary School and Antipolo Elementary School 10, Tambongon Central Elementary School and Palnab Elementary School and Taytay Elementary School 8.

Whole day of Saturday was spent on this event. There was a short program in the morning before the playing time. The Search for Outstanding KAB Scout happened in the afternoon.

Tidal wave, water conservation, dragon underground game, one leg race, pyramid attack, Japanese race, dressing and undressing the KAB, super knot stacker, longest line, and first to fall in line were the different activities.

Five members joined the Search for Outstanding KAB Scout. Sean Thomas O. Molina of Viga Central Elementary School (Viga West) was the winner.

The first runner up was Carlos Miguel Timoteo of Virac Pilot Elementary School (Virac North) who also got the Best in Casual Wear and Best in KAB Scout, second runner up was Jessie Yuri Sorilla of Cabugao Integrated School (Bato West), third runner up was Yves Kiel Sarmiento of Bato Central Elementary School (Bato East) who also garnered Best in Talent and the fourth runner up was Christian Emman Reyes of Virac Central Elementary School (Virac South) who also got Best in Sports Wear.

The P100 registration fee was for the prizes given to KAB Scouts. **NOEMI GUERRERO**



LEADING THE BLIND. KAB Scouts blindfold themselves as they get ready for the "Sense of Touch Game" during their KAB Holiday held on September 20. **GOV**



**In Scouting,
you are combating
the brooding
of selfishness.**

-Lord Baden-Powell

BSP Prov'l Jamborette highlights scouting modules



CONCENTRATION BEGINS NOW. Scouts carefully assemble the nuts to form a pile. They said that this activity, "Nut stacking," teaches them focus and patience. **GOV**

To experience different Scouting events and for a purpose of just a friendly game, the main Scouting activity were held on Friday, September 19, 2014 right after the opening of Provincial Jamborette.

The Boy Scouts separate from the Senior Scouts of every sub camp are divided

into six groups according to BIGROY- blue, indigo, green, red, orange and yellow. Each color group which is equal to a unit coming from every sub-camp were accompanied by one qualified adult leader.

There were two modules: Module A for elementary or Boy Scouts and Module B for

secondary or Senior Scouts. Each module has four bases or sub-activities and side or special activity. A two-hour time frame was allotted in every four bases and 30 minutes per base. The Scout surrendered their ID to their Adult leader who in turn let the Module Commander affixed their signature to avoid being crowded by the Scouts.

In Module A there were six main activities: Jamborette Module A (JMA) 1 Survivor, JMA 2 Navigators, JMA Campcrafts, JMA 4 Camp Olympics, JMA 5 Team Builders, and JMA 6 Adventure Trail. In Module B, there were also six main activities: JMB 1 Camp Engineers, JMB 2 Teambuilders, JMB Survivor, JMB 4 Olympiads, JMB 5 Back Woodsman and JMB 6 Challenge Valley. In side activity: happy feet, water fun and CPR were the activities.

The sub-activities were: bandaging, cooking, chariot race, life saving, landmine, human ladder, sense of touch, tractor's wheel, robot writing, rope ladder, knotty knots, angry birds, flying fish, nut stacking, grand prix, pyramid attack, tidal wave, ladder relay, power line, island hopping, hanging bridge, wall climbing, commando crawl, scout swing, astronaut cockpit, camp gadgets, pioneering projects, big dipper, blanket ball, estimation, semaphore signalling, food hunter and camp shelters. **NOEMI S. GUERRERO**

Gawain/mula sa p. 2

nilang agad na gawin ang susunod na aktibidad. Pag tapos na, ipapapirma na nila sa mga base commander ang kanilang mga ID.

"Dapat i-maximize ng mga iskawt ang kanilang oras para may panahon pa sila para gawin ang mga side activity", ang sabi naman ni Scouter Nelson T. Sicio, ang Deputy Camp Director for Program.

Ang Cultural Night at Talents Unlimited ay gagawin naman sa gabi. Ang Cultural Night ay ang pagpapakita ng kultura ng 11 na munisipyo sa lalawigan ng Catanduanes at ang Talents Unlimited naman ay pagpapakita ng mga talento ng mga Catandungeño.

Ang ika-apat na araw ay pagpapatuloy ng mga di-natapos na mga gawain sa Iskawting. Ang mga batang nasa kindergarten at mula una hanggang ikatlong baitang ay gugugulin ang buong Sabado sa tinatawag na KID at KAB holiday special events. Magdadala lang sila ng pack lunch at pag hapon maaari na silang umuwi. Ang Grand Campfire ay gagawin naman sa gabi.

Ang panrelihiyong aspeto, Scout rally at Skill-o-Rama naman ang gaganapin sa ika-limang araw. Pagkatapos nito ay ang pangwakas na palatuntunan at uwian ng mga iskawts. **NOEMI GUERRERO**



CHALLENGING ACTIVITIES.

Lashing (above) and Scout swing (below) are just two of the activities featured in the Provincial Jamborette to make the scouts holistically developed. **GOV**

Skill-o-Rama an application not a contest, said facilitator

"Skill-o-Rama is not actually a contest but an application of skills like: dancing and singing, application of knots and lashing, fire building, cooking without utensils and pioneering project" according to Romeo Eusebio, a Catanduanes National High School(CNHS) teacher and a facilitator of Skill-O-Rama.

Skill-o-Rama was done during the last day of the Provincial Jamborette, September 21, 2014. All the 11 sub camps participated in the activity but there are still sub camps that still excel among them.

In improvised bed- sub camp 11 and nine, rope ladder-sub camp III, tripod and chariot- sub camp III, raft-sub camp I, magnetic pole, fire building and gadget-sub camp II, bandaging and lifesaving- subcamp 8.

In singing and dancing contest, Jay Aldwin Parone of Caramoran was hailed as the best performer. **NOEMI GUERRERO**

EDITORIAL



Pagtugon

Ang pagdiriwang ng sentenaryo ng pagkakatatag ng Boys Scouts of the Philippines (BSP) ay isang indikasyon na matagumpay na isinasabuhay ang mga diwa ng iskawting sa bansa. Ito ay patunay lamang na pagkatapos ng isandaang taon ng pakikibaka, patuloy na namamayagpag ang hangarin ng BSP na maging instrumento ng pagbabago para sa mapayapa at maunlad na Pilipinas..

Pagkalipas ng 17 taon, isinagawa ang Provincial jamborette ng Boy Scouts sa Catanduanes. Peace and Prosperity. Ito ang temang magiging gabay sa pagsasagawa ng mga gawain sa taong ito. Ito ay dalawang hamon na nagsisimula sa pagtitiwala at pagtutulungan. Ang pagsasagawa ng provincial jamborette ay isang malaking pagtugon sa hamong ito - pagtitiwala ng iyong seguridad at kapakanan sa mga taong hindi mo kaanu-ano sa kapaligirang hindi mo nakagisan.

Ang presensya ng kapulisan, ang bantay-saradong paggabay ng mga adult leaders sa mga scouts at ang madalas na pag-anunsyo ng pamunuan ng Boy Scouts sa mga alituntunin sa loob ng kampo ang nagpapatunay na iniingatan ng pamunuan ang kapakanan ng bawat isa. Bawat isa ay may pananagutan sa kanyang kasamahan.

Sa isang patrol, galing sa iba't ibang lugar ang kasali.

Masuwerte ang may kakilala. Kung wala, kailangan mong makisama at makibagay upang hindi maging anino ng mga kasamahan. Ayon sa batas ng Boy Scouts, ang Boy Scouts ay mapagkakatiwalaan, matapat, matulungin, mapagkaibigan, magalang, mabait, masunurin, masaya, matipid, matapang, malinis, at maka-Diyos. Ito ang mga batas ng Boy Scouts na kailangang matutunan, maisapuso at paunlarin ng mga kasaling scouts.

Sa paglipas ng panahon, ito ang mga ugaling mahirap nang gawin at matagpuan sa isang tao lalo na sa kabataan ngayon. Ang mga ito ay mga salita na lamang minsan na makikita sa diksyunaryo. Hindi lahat ng pag-uugaling ito ay matatagpuan sa isang tao. Dahil sa kahirapan at modernong panahon, napakahirap maging matapat at magtiwala sa panahon ngayon. Ito ang dahilan kung bakit samu't saring kaguluhan at kahirapan ang nangyayari sa mundo sa ngayon.

Hindi madali ang magkaroon ng tahimik at masaganang mundo. Hindi rin madali ang magkaroon ng mamamayang uunahin ang iba bago ang sarili. Ngunit tulad ng matiyaga nating paghihintay sa pagtila ng ulan, sa matiyaga nating pagtuturo at pagiging modelo ng mabuting asal, darating ang panahon na ang ating mundo ay magiging tahimik at masaganang mundo para sa ating lahat.

In SCOUTING, We



To engage in practical skills that will lead to profitable surces of livelihood

To respect the

Scouting provides great adventure in outdoor



Learn and Gain experiences



person in authority



To achieve the purpose through uNItY



To be patient



and above all, to thank God in making all things possible!

Learning. Turn boys into dependable and self-reliant men.



LATHALAIN

SA NGALAN ng Ama at ng Ina

Ang mga Sub-kampo sa loob ng Camp Jose M. Alberto



LATHALAIN

“D’yan sana tabi Manoy sa Flerida Alberto.”

“Pwede tabi magpahatod duman sa Camp Peter Cua ta madugi?”

“Tiyo, ikan man tabi kaming darang medyo magabat na gamit kaya mapa-diretso man po duman sa Tiptip Wong.”

Ilang segundong hindi nakakibo, at pagkaraa’y napakamot na lamang ng ulo. Ganito ang reaksyon ng tricycle driver na si Manong Randy nang marinig ang instruksyon ng kanyang mga pasahero. Pawang mga kabataan ang kanyang sakay—mga Boys Scouts of the Philippines (BSP) na nag-aatubiling makarating sa kani-kanilang mga tents upang mapaghandaan at hindi mahuli sa iba’t ibang aktibidad na gaganapin nang araw na iyon.

“Huna ko pati sa munisipyo ko ihatod su elementary pupil na inot kong pigsakay. Namulong ako ta mga ngaran nin pulitiko an pigatalam ninda,” pagbabahagi niya.

Ang hindi alam ni Manong Randy, ang tinutukoy ng kanyang mga pasahero ay ngalan lamang ng ilan sa mga sub-kampong matatagpuan sa loob ng Catanduanes Athletic Complex na itinayo bilang pansamantalang tahanan ng halos sanlibong delegado sa idinaos na 13th Provincial Centennial Jamboree nitong ika-17-21 ng Setyembre, 2014.

“Alog siguro an kaan ta halani na pan-o an eleksyon,” pabulong na patutsada ng tsuper.

Arko de honor

Pagpasok pa lamang ng athletic complex, na itinalaga bilang Main Camp Jose M. Alberto (JMA), matatanaw na ang mga kumpol-kumpol na tent na tinatanuran ng mga bakod na yari sa kawayan at lubid na straw.

Kapansin-pansin din ang mga scouts na maingat at matipid sa kanilang paghakang; halatang umiiwas sa nagpuputik at naglalawang bahagi ng oval sanhi ng bahang idinulot ng malakas na pag-ulan.

Ngunit higit sa lahat, mas kapuna-puna para sa karamihan ang entrance arc ng mga sub-kampo na napapaskilan ng pangalan ng mga alkalde, na minsay may katambal pa ngang larawan ng kanilang mukha.

Sa isang panayam, sinabi ni BSP-Catanduanes Council Chair Domingo T. Robles na sinadyang hatiin ang Camp JMA sa 11 sub-kampo upang katawanin ang 11 munisipalidad ng lalawigan.

Iginiit din niyang napagpasyahan ng konseho, sa pangunguna ni Schools Division Superintendent at Camp Director Jose Doncillo, na isunod sa pangalan ng mga punong-bayan ang ngalan ng mga sub-kampo upang maging malay ang mga kabataan kung sinu-sino ang local chief executives (LCE) na itinuturing umanong “ama” at “ina” ng mga munisipyo probinsya.

Itinalaga ang Sub-camp Flerida Alberto para sa delegasyon ng Bayan ng Virac; Sub-camp Peter Cua pra sa San Andres; Sub-camp Joseph Al Randie Wong para sa Pandan; Sub-camp Remegio Villaluna para sa Bagamanoc; Rodel Abichuela para sa Baras; Juan Rodulfo para sa Bato; Salvacion Isuela para sa Caramoran; Edgar Tayam para sa Gigmoto; Robert Fernandez para sa Panaganiban; Edna Bernal para sa San M i -

guel; at Gordon Olfindo para sa Vega.

“By introducing their leaders, somehow, we could promote the towns’ identities. And, in fact, our mayors have been serving as chairperson of their respective Municipal Scouting Committees,” dagdag pa ni Robles na siya ring Educational Program Supervisor (EPS) ng Pre-school, Special Education (SPED) at Matematika.

Sa kabila nito, idiniin ng superbisor na walang bahid ng pulitika ang nasabing hakbang. Pinabulaanan niya ang mga sabi-sabi tungkol jamborette bilang lunsaran ng “pagpapapogi” ng mga pulitikong nagnanais tumakbo sa 2016.

“We are involving the mayors as part of our educational stakeholders and as representatives of the Local Government Units (LGUs). But we are strictly non-political in BSP [Council]. Kung nag-offer sinda nin tabang or nag-donate, okay. Kung dae, di dae,” paliwanag niya.

Hating Reaksyon

Hati naman ang reaksyon ng mga scouts at scouters nang tanungin hinggil sa nasabing isyu.

Karamihan sa mga kabataan ang nagsabing ayos naman daw para sa kanila ang ginawang hakbang ng jamborette organizers anupa’t dapat lamang umanong iangat ng mga punongbayan ang dangal ng kani-kanilang munisipyo.

“Noong una, nagtataka po ako. Pero naisip ko pong maganda rin na ma-identify ang camps namin through our mayors,” ani Service Scout Ira Mirto ng Catanduanes National High School (CNHS).

Wala rin umanong nakikitang problema rito si Service Scout Reina Mae Chong ng CNHS lalo na’t natutulungan naman daw sila ng mga nasabing lingkod-bayan sa pamamagitan ng tulong pinansyal o di-kaya’y kits-and-food sponsorship.

“Katulad na lang po nang mag-jamboree kami sa Mt. Kawa-kawa, Ligao. Naki-tie-up po ang congressman natin sa isang fast food chain para po may mag-sponsor ng pagkain naming mga Catanduanes delegates doon,” dagdag pa niya.

Samantala, nanindigan pa rin ang ibang delegadong guro na hindi magandang isunod ang ngalan ng mga sub-kampo sa pangalan ng mga mga alkalde “dahil tiyak na mangangamoy at magkukulay pulitika ang aktibidad.” Bagaman iminumungkahi nilang huwag na itong ulitin sa mga susunod na jamborette, aminado ang ilan na naging epektibong motibasyon daw ito upang kahit papaano’y “mapagalaw ang mga nakaupo sa pwesto.”

Ilan sa mga nakapanayam ng JAMBO BALITA ang nagsabing bilang pagpapakita ng suporta sa mga scouts, ginawa ng kanilang punongbayan ang mga sumusunod: pagsagot sa transport service ng mga delegado, pagsagot ng kanilang pagkain, pagpapatayo at pagpapahiram ng mga tents, at pagpapalabas ng tulong-pinansyal mula sa sariling bulsa o mula sa LGU sa anyo ng Special Education Fund (SEF).

Sa kabilang dako, ilang scouters naman ang nagpahayag ng pagkadismaya dahil kung hindi man wala ay kakarampot lamang at huli na umano ang tulong na iniabot ng kanilang mga alkalde sa kanilang delegasyon. Umasa umano sila sa mga pangakong asistensya ng mga ito para sa ikahuhusay ng mga scouts.

Ayon kay Robles, bagamat may ilang lider talagang nagkikibit-balikat lamang, isa rin marahil sa mga dahilan ng di-agarang pagtugon ng mga nasabing alkalde ay ang mahinang pakikipag-ugnayan ng mga BSP District Commissioner sa mga LGU.

“Salo man an na factor. Nu maluya sinda mag-follow-up and makipag-coordinate sa mga local government, talagang daeng tabang na maabot. Ngata man su salong mayor ta nag-donate nin P70 thousand, tapos su salo man, pigsagot ang live band sa welcome night? An kaipuhan ta

Sa Ngalan/ Sundan sa p. 10

LATHALAIN

Mga Bayani sa Likod ng Jamborette



Sa wakas.

Ang limang araw na pagpapagod, pagsasaya at pagkakaroon ng maraming kaibigan at kakilala ay natapos na. Ngunit ang pagpupugay na maaring ibigay sa mga taong naging mahal-agang bahagi ng pambihirang pagkakataong ito ay hindi dapat magtapos sa ilang araw lamang.

Hindi man naging maganda ang pagbubukas ng 13th Provincial Centennial jamborette dahil sa pagsalubong ng bagyong Mario, at naipagpaliban ang lahat ng gawain, hindi naman nagpatinag ang

mga organizers sa hamon at pagsubok ng pabagu-bagong panahon. Sila ang mga taong madalas nating sisihin kapag hindi naibibigay nang maayos ang mga pangangailangan natin. Bukod sa bagyo, ang mga hinaing at mga nais nating mangyari ang pinakamahirap nilang naging kalaban.

Hindi natin maitatanging mahirap ang magplano at magpatupad ng ganitong kalaking pagtitipon lalo na't ang Scouting ay isang gawaing nangangailangan ng masusing paghahanda. Ngunit sa lakas ng determinasyon ng mga organizers at facilitators napagtagumpayan nila ito.

Bukod sa kanila, nariyan din ang mga adult leaders na hindi iniwan ang mga iskawts sa panahon ng pangangailangan, kalungkutan at pagkadismaya. Sila ang mga taong abala sa pagluluto ng pagkain, pag-aayos ng mga tent at pagsisigurong ligtas ang mga batang iskawts. Sa kasagsagan ng bagyong Mario, sa gitna ng malakas na agos ng baha; sa mapuputik at mabuburak na palaruan, hindi nila pinakita ang kahit

anumang senyales ng pagsuko. Ang iba'y naghanap ng pansamantalang masisilungan-sa ilalim ng grandstand, sa capitol dome, sa classroom ng VPES at kahit sa sarili nilang boarding house. Kahit saan sila naghanap ng makukublihan, masiguro lamang ang kaligatasan ng bawat isa.

Hindi ba't maituturing din itong isang uri ng kabayanihan?

Nagpapatunay lamang itong ang kanilang pagsisilbi bilang guro ay hindi pang silid-aralan lamang kundi maging sa

Hindi sila nagpakita ng anumang senyales ng pagsuko

labas ng paaralan. Higit kailanman, ang kanilang pagsisilbi na hindi naghihintay ng anumang kapalit ay nagpapahiwatig lamang na isinabuhay na nila ang tunay na diwa ng Scouting. Sa pagtatapos ng pagdiriwang na ito, hindi natin dapat isantabi lang ang mga maliliit na bagay lamang sa ating paningin ngunit may dakilang hangarin.

Kasabay ng paglisan natin sa apat na sulok ng Camp Juan M. Alberto, dalhin natin ang diwa ng pagmamahal sa kapwa sa pamamagitan ng pagsisilbi. Huwag din nating iwaksi ang simpleng kabayanihang ipanakita ng ating mga organizers, facilitators at adult leaders—ang mga taong nasa likod ng matagumpay na pagtitipong ito.

RICKY TID

Sa Ngalan/mula sa p. 9

uya is joint effort ta make this event successful," paliwanag ng superbisor.

Pagbibigay-pugay

Kung watak-watak ang mga opinyong sinahod ng mga organizers hinggil sa pangalan ng mga sub-kampo, di maitatanging halos magkaisa naman ang lahat sa pagsang-ayong marapat lamang na isunod ang ngalan ng main campsite kay dating Catanduanes Representative Jose M. Alberto bilang pag-alala at pagbibigay-pugay sa kanya.

"We have named it after the late congressman because of his significant accomplishments in the development of Catanduanes," tugon ni Robles nang tanungin kung bakit ang dating solon ang kanilang napili.

Sinabi pa ni Robles na sa dami ng mga di-matatawarang legasiyang iniwan ng mamabatas sa mga sumunod na salin-lahi ng isla, mahalaga umanong makilala siya ng mga bagong henerasyon.

Sa kanyang termino, inakda ni Alberto ang Batas Republika Blg. 3900 noong 1964 na nag-

bigay-daan upang maging "nationalized" ang dating Catanduanes Provincial High School (CPHS) na ngayoy mas kilala bang Catanduanes National High School (CNHS).

Si Alberto rin ang nagsumikap upang maging posible ang kumbersyon ng Virac National and Agricultural Trade School (VNATS) patungong Catanduanes State Colleges (CSC) noong 1971 sa pamamagitan ng inakda niyang Batas Republika Blg. 6341. Dahil dito, napasakamay ng CSC (ngayo'y Catanduanes State University) ang prestihiyosong katayuan bilang nag-iisang pamamahalaang kolehiyo sa lalawigan na taunang nakatatanggap ng subsidiyo mula sa gobyerno.

Ang kanyang pagiging kasapi naman ng Appropriations Committee at aktibong pakikipag-ugnayan sa dating Budget Commission ang naging epektibong estratihiya ng mambabatas upang mahikayat ang pamahalaang pambansa na maglaan ng kaukulang pondo at badyet para sa mga proyektong pang-imprastruktura at pang-kaunlaran sa lalawigan. Makikita umano ang konkretong resulta nito sa mga naipatayong pandistribong pagamutan at mga pamahalaang gusali.

Idinagdag ni Robles na naging pangunahing tagapagtaguyod din ng BSP-Catanduanes si Alberto sa panahon ng kanyang panunungkulan.

"He is a person worth emulating. This is a good way to remember a good leader," binigyang-diin ng superbisor.

Pandayan

Sa limang araw na jamborette, marahil ay marami pang tisser, scouts, scouters at tsuper, wangis ni Manong Randy, ang biglaan ding nangati ang ulo. Anupat sa islang dati nang bilad sa nakakasuyang karakas ng mga TraPo (tradisyunal na pulitiko), hindi masisis ang ilan kung sakaling magbulwak ng mga negatibong konotasyon sa kanilang isipan ang biglaang pagbalandra ng pangalan ng mga taong itinuturing na higante sa lokal na pulitika.

Sa kabila nito, ang isang pambihirang pagkakataon ng muling pagbubuklod-buklod ng mga Boy Scouts sa ating lalawigan, anupaman ang ipinangalan sa kanilang mga kampo, ay magandang pahiwatig ng mas aktibong pakikibahagi at pamumuno ng kabataan sa lipunan.

Hindi maitatanging nagsilbing mainam na pandayan ang 13th Provincial Centennial Jamborette para mahasa at mapagyaman pa ang pagpapahalaga ng ating mga scouts— mga lider-kabataan na may kakayahang magpabago sa mukha ng kinamulangang serbisyo-publiko sa lalawigan. **DAVE TOLENTINO**

LATHALAIN

The Making of a Scout

From being tactful to being outspoken. From being a wall flower to becoming adventurous.

Youth today radically evolve and surprisingly invade the modern era. They are sometimes misinterpreted, mislabeled and misjudged. They are commonly tagged as rude, hot-tempered and delinquent. But Rizal's wish for Filipino youth will not be in vain because Boy Scouts of the Philippines is committed to mold them to become a useful members of the society. Meet the two of their products.

PORTIA ROSE RODRIGUEZ: The Girl with a BSP Heart

She has a witty disposition. She's charming and charismatic seen in her chinita eyes and her fascinating smile. In her lovely character, you would never think that she has an unusual heartbeat, literally and figuratively speaking, and should not perform intense activities.

Her doctor diagnosed that she has an extra heartbeat. He advised her not to do extreme jobs such lifting or even running. But for her, service to others doesn't require strong and healthy body.

Portia Rose Rodriguez, 15, a senior student of Catanduanes National High School-STOC believes that being a girl boy scout, you need

**Dai ka na sana
magtuwang kung
mahagad ka man sana
ning kapalit .**



to be tough not only for the manly activities involved in scouting but also for your dedication to make a difference.

She started as volunteer in Boy Scout since his first year in high school. Tough she's just a female, she never hesitate to accept the challenge to go out from her "comfort zone". She thinks that activities in scouting is an exposure to the outside world. But everything has limitations. She admitted that her strength cannot be compared to the boys' especially when it comes physically.

Portia cheerfully told Jambo Balita that everytime she wears her uniform she feels proud and respected. But she stressed that wearing this uniform is not about the fame and respect. Instead, it signifies service to others.

"Naka-thrill po ta maski babaye ka, adu-man su feeling of power and authority na kaya mo ipasunod maski gurang saimu," Portia said.

You can help other people, anytime and anywhere, regardless of your gender. That's her main purpose why she joined BSP even there are times she feels discrimination.

"Gatalam sinda na ang girls para sa Girls Scout, ang boys para sa Boys Scout. Pero freedom man baga. You can choose whatever you want. Dai man ning sala kung mabali ka sa Boys Scout na babaye ka unless iba yung purpose mo."

In her very young age, it is happy to note that her willingness to help her fellowmen is a part of her life. She stands in the ideals that you render services without asking favor in return.

"Kung matuwang ka, magtuwang ka ta kadinakol ning igwang kaipuhan ning tabang. Dai kana sana magtuwang kung mahagad kaman sana ning kapalit," answered Portia when asked about service.

Portia encourages every youth to be a part of BSP so that they also learn values that they may adapt to their everyday living just like her. In BSP she says, you learn to have the sense of responsibility.

OMAR BONAOBRA: More than Just a Boy-Next-Door

Not his hypnotic eyes and pointed nose. Not his tall-dark-and-handsome characteristic and his mannish posture. There are more interesting things about him.

Strong fighting spirit, dedication and loyalty. In his youthful determination, he thinks that he already integrated these traits in his routine that's why he effectively employ his good leadership.

Omar Bonaobra, 15, a senior student of Catanduanes National High School-STOC started his involvement in Boy Scouts at a very young age. As early as seven years old, he has been an active member of BSP. When he reached grade six, he began to lead a patrol. His willingness to lead continues until he became a Junior Crew Leader (JCL) and led one troop which composed of four patrols. Because of his commendatory performance, he was chosen as Senior Scout Leader.

He has attended several scouting events such as Scouts for Environment International

Jamboree in Kawa-Kawa Nature Park, Ligao City, Albay, Third One Scouts Regional Jamboree in Mt. Makiling, Los Banos, Laguna and in 6th National Scouts Venture Camp in Pangasinan. His experiences in these several undertakings molded him to become a responsible leader.

At present, he is considered as the highest scout leader of BSP Catanduanes Council. When asked what he thinks why he was chosen as a leader, he said that he just always keep his composure and discipline.

"At first, I am overwhelmed. Maski sisay man siguro maogma ta nagkaigwa ka ning opportunity. Imagine, to lead the (scouts in the) province is a big opportunity," Omar answered humbly in a masculine voice.

As a scout his main purpose is to lead and to serve even though they are sacrificing the fun. He said that being a scout, your objective is to perform your duty to God, to your country, and to others. Based on his experience, service is indispensable in scouting. This is the important thing in life he learned from BSP which he adapts in his practical living.

"Dai sinda mag-gibo ning bagay na gigibohon lang dahil gusto ninda," he added.

For him, showing to others who you are is a way of knowing what are the things you need to improve. You need not to change yourself to be loved by others. **RICKY TID**

**Imagine,
to lead the [scouts
in the] province is a big
opportunity,"**



Give your greatest, Robles urges scouts

“In this closing, program now, you are amounting to go on with your journey. My dear scouts and scout leaders, be on the stage of the show and give your greatest performance so you can achieve the goal of the Scouting movement.”

Thus said Sctr. Domingo T. Robles, Deputy Camp Director, who formally announced the closing of the 13th Provincial Centennial Jamborette held at Catanduanes Sports Complex, September 21.

Robles also infused the scouts to continue the principles of the BSP as they go back to their respective schools.

During the said closing program, scouts, facilitators and adult leaders also expressed their impressions from the Jamborette.

“Nalungkot ako nung una kasi akala ko hindi matutuloy yung Scouting. Nung natuloy, masayang-masaya ako,” said Angelo Bernal, scout from sub-camp Rodulfo.

Sctr. Perfecto Usero, from sub-camp Olfindo compared this scouting from the last provincial jamborette which happened 17 years ago. He said that this jamborette is more exciting than the former.

“Mas enjoy yung sa ngayon kasi maraming pinaghandang activities. Nag-enjoy talaga yung mga participants,” said Usero.

Meanwhile, organizers commended those sub-camps which exhibited exemplary performances in every scouting activities. The result are as follows: Garbage collection (1st wave)-1st, Bagamanoc; 2nd, Bato; 3rd, Baras; (2nd wave)-1st, Gigmoto; 2nd, Virac; 3rd, Bato; (3rd wave)-1st, Panganiban; 2nd, Viga; 3rd, Baras; (4th wave)-1st, Viga; 2nd, Panganiban; 3rd, Pandan.

Mass formation-1st, Virac; 2nd, Bagamanoc; 3rd, Caramoran; Torch Parade Assembly-1st, Virac; 2nd, Gigmoto; 3rd, Baras; Best Yell & Call-1st, Virac; 2nd, San Andres; 3rd, Baras; Best Patrol Song-1st, San Andres; 2nd, Baras; 3rd, Virac; Best Skit: 1st, San Andres; 2nd, Virac; 3rd, Baras; Overall Performance-1st, Virac; 2nd, San Andres; 3rd, Baras & Bato.

Best in Type A Uniform-Virac; Best Camp layout-1st, Gigmoto; 2nd, Baras; 3rd, Bato; Most Cleaned Sub-Camp-Baras; Best in Camp Gadgets-Baras; Best sub-Camp-1st, Baras; 2nd, Bagamanoc; 3rd, San Andres. **RICKY TID**



WHILE HAVING FUN, Boy Scouts of Team Indigo try their best to survive the Tidal Wave Challenge which aims to test and consequently develop their teamwork. This year, the scouting activities are divided into two jamborette modules with six bases each. **GOV**

Camp activities stress values formation

Scouting is fun and it's getting more fun for it does not just develop the physical strength but also molds values and character, emphasized scouters.

Participants and facilitators from different sub-camps who experienced the thrill and excitement expressed the learnings they gained from the various activities.

“Unang-unang pong natutunan namang ang teamwork,” patrol leader Neil Bruce Isorena of Sub-camp Joseph Wong (Pandan) disclosed.

According to him, Teambuilders, the Jamborette module 2 required cooperation among the members that's they easily finished the activity.

“Importante po yung cooperation kasi sa lahat ng base, lalo na po dun sa cartwheel at log walk, kailangan talaga sabay-sabay,” he added.

Meanwhile, Olinz Bill Zafe of sub-camp Peter Cua explained that patience, fo-

cus and self-control are the important traits acquired in Olympiads, one of the activities in JMB4.

“Medyo masakit panong activity yung Olympiads. Dun kami naawat,” said Zafe.

Edmond Aurel Lazado, module commander in Camp Engineers from Viga Rural Development High School, stressed out that the skills needed in camp engineers involves presence of mind and also patience.

“Siguro sa gabos na Module hanto ang pinaka challenging ta kaipuhan mo talaga dito bilis ng kamay buda magamit ka talaga ning utak,” said Lazado.

According to Jamborette Camp Rules and Regulations designed by the Boy Scout of the Philippines Catanduanes Council, an awareness on how camping benefits the scout in the process of personality development explains why and how real life situations fascinate them to live, work and play within a patrol. **RICKY TID**



FIRED-UP. As they present their yells and skits, the scouts are given the chance to mingle with each other and galvanize their brotherhood during the Grand Campfire held on the last night of Provincial Jamborette. **SULITA**